

Mga karagdagang notipikasyon sa pagbabago ng Immigration Control Act.



Nakalahad sa isyu ng Abril at Mayo ang mga pagbabago sa Immigration Control Act sa darating na Hulyo. Ngayong buwan ng Hunyo, ipaliliwanag ang kakailanganing mga dapat i-rehistro. Mahalagang pag-aralan ito para maiwasan ang problemang maaaring maidulot ng hindi pag rehistro o sa pagkalimot sa mga dapat i-rehistrong bagay.

Maaaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng city hall o sa tanggapan ng imigrasyon sa mga karagdagang impormasyon.

Ipatatupad ang pagbabago sa Immigration Control Act mula Hulyo 9, 2012. Isa sa malaking pagbabago para sa mga dayuhang residente ay ang nadagdagang pagproseso ng rehistrasyon o pag report ng iba't ibang pagbabago na hindi lamang dapat lakarin sa city hall o munisipyo kundi kailangang magtungo sa tanggapan ng imigrasyon.

Sakaling lilipat ng tirahan

Una, ipapaliwanag ang pagparehistro sa city hall. Dati-rati ang dayuhang residente ay nagre-report lamang sa city hall para ipagbigay-alam ang bagong address pagkatapos lumipat. Subalit sa bagong batas, kailangang pumunta sa city hall bago umalis at i-report ang bagong address at kumuha ng sertipikasyon ng paglilipat. Kailangan ding dalahin ang sertipiko sa lilipatang siyudad o bayan at isumite sa city hall sa loob ng 2 linggo matapos makalipat.



Sakaling may pagbabago sa sitwasyon ng pamilya.

Kapag may bagong silang na sanggol, kailangan isumite ang birth notification sa city hall. Kung ang bata ay hindi Hapones (ang mga magulang ay parehong dayuhan) kailangan gawin ang proseso para sa resident status ng bata sa tanggapan ng imigrasyon sa loob ng 30 araw. Matapos i-rehistro sa munisipyo. Kagaya ito ng dating proseso.

Gayundin sa lumang patakarán, maaring manirahan sa Japan bilang residente hanggang sa huling araw na nakasaad sa visa sa kabila ng mga pagbabago ng estado gaya ng diborsyo at pagpalit ng trabaho. Subalit sa bagong panukala, magiging mahigpit ang imigrasyon sa pagusisa sa inyong sitwasyon na dapat ay naka-ayon sa estado ng inyong visa. Sa kaso bilang residente dahil sa kasal, gaya ng asawa o anak ng Hapones, asawa o anak ng permanenteng residente o dependent visa, kailangang i-report sa tanggapan ng imigrasyon sa loob ng dalawang linggo kung magkaroon ng diborsyo o kaya pagkamatay ng asawa.

At para sa mga nagkaroon ng estado bilang residente dahil sa trabaho gaya ng, Specialist in Humanities/International Services, Engineer, Skilled labor at iba pa, kinakailangan ding i-report sa tanggapan ng imigrasyon sa loob ng dalawang linggo kapag nagpalit ng trabaho, nawalan ng trabaho at pagbabago ng pangalan ng kumpanya o address nito. (Ang pagbabago ng trabaho ng asawa o dependent ay hindi na kailangang i-report.) Kapag hindi nagawa ang pag file ng report ayon sa itinakdang oras, maaaring patawan ng multa o maging dahilan ng pagtanggál ng estado bilang residente.

Sa paglilipat ng tirahan, kung ito ay pababayaang hindi i-rehistro sa city hall at lumagpas ng 90 na araw matapos lumipat ng tirahan (gayundin ang hindi pagbibigay ng tamang address) ay maaring maging basehan ng pagtanggál ng inyong visa.

- Gayundin, sinuman na may estado bilang residente dahil sa kasal subalit hiwalay na naninirahan ng mahigit na anim na buwan ay maaring mapawalan bisa ang inyong estado.
- Subalit, ang estado bilang residente ay maaaring hindi matanggal kung ang dahilan ay may basehan gaya ng hindi masabi ang bagong tirahan dahil sa kaso ng DV ng asawa, walang bahay na malipatan dahil sa pagkalugi ng kumpanya, matagal na pagka-ospital o dahil sa diborsyo. Ipaliwanag ng maayos sa tanggapan ng imigrasyon ang sitwasyon. Sa kaso ng diborsyo o pagkamatay ng asawa, maaaring makipag-ugnayan sa mga support-group at magtanong kung kailangang magpapalit ng estado o hindi.

Ms. Miho Fujibayash, Administrative scrivener

Dental checkup para sa adults- - Ngipin at gilagid

Kadalasan, bihira magpatingin ang mga tao sa dentista hangga't hindi sumasakit ang ngipin. Ngunit sa regular na check up ay makikita ang sira, sakit sa gilagid na makakaapekto sa daloy ng dugo sa utak. Ang indibidwal na dental checkup ay nagsisimula ng Mayo sa Kamifukuoka Hoken Center "(tel: 264-8292, libre). Kapag hindi nabuo ang bilang ng pasyente na 250 (Max: 250), ang programa ay itutulong. Halina 't tayo nang magpa check up....



Palarong Ebento

Makipaglaro ng badminton o basketball sa mga mag-aaral ng Bunkyo Gakuin Univ. sa Bunkyo Fujimino Campus. Lugar: Bunkyo Gakuin Univ. Gym Oras : Mula 15:00 ~ 17:30 Libre at gayundin ang pagpasok Kailan :

June 9, 23 (Sabado)
July 14 (Sabado)
Sep. 8 (Sabado)
Sep. 29 (Sabado)
Oct. 13, 27 (Sabado)
Nov 10, 24 (Sabado)
Dec. 1 (Sabado)
Jan. 12 (Sabado)
Feb. 9, 23 (Sabado)
Mar. 16 (Sabado)

•Tumawag sa:
FICEC Phone No.
049-256-4290



Natanggap na ba ninyo ang temporary resident record?

Sana ay mas naunawaan ng lahat ang pagbabago sa alien registration card na tinalakay sa mga isyu ng Abril at Mayo. Ang mga dayuhang residente ay sasailalim sa Basic Resident Registration Law, gaya ng Japanese nationals. Ang munisipyo ay magpapadala ng "Provisional Resident record" sa mga kinaukulan sa katapusan ng Mayo. Suriin mabuti oras na matanggap ito. Ipagbigay-alam kung may mga pagbabago o pagkakamali (pangalan ng padre de pamilya, kaugnayan at iba pa). Ang "Provisional Resident Record" ay ipapatupad sa Hulyo 9, 2012. Makipag-ugnayan sa munisipyo kung walang natanggap at dalhin ang alien registration card. Mula July 9, ang mga dayuhang residente ay nakalista na sa Basic Resident registration, kagaya ng mga Japanese nationals at maaaring makakuha ng kopya nito. Ang kopya ng Alien Registration Certificate ay hindi na ipinamimigay.

Consumer Hot-line para sa mga alalahanin ng mga mamimili

Nakatanggap ka na ba ng bayarin na hindi mo maalala kung ano ang iyong binili? Ano ang iyong ginawa? Dito sa FICEC, sa loob ng 15 taon, maraming mga konsultasyon ng mga dayuhang residente ukol dito. Ngunit marami sa mga problema ay kumplikado at matagal maayos. Ipinapayo namin na tumawag sa "Consumer Hot-line" na tinatag ng Consumer Agency.

Komunsulta sa kanila at huwag huwag na mag-alinlangan. ☎ 0570 - 064 - 370

◇Fujimi consumer consultation

☎ 049 - 252 - 7181

◇Fujimino consumer consultation center

☎ 049 - 263 - 0110 (Direct Phone Number)

◇Miyoshi town tourism industry dept.

☎ 049 - 258 - 0019

www.ficec.jp/living/

●Basahin ang Living Guide na nakasalin sa 6 na wika sa aming website, <http://www.ficec.jp>